Hindi akalain ni Frederick James Trinidad na may patutunguhan ang kanyang career bilang sundalo.

Pumasok siya ng *PMA* dahil ayon sa kanyang amang isang retiradong lieutenant colonel sa *Philippine Army* at mga kapatid na pawang mga sundalo lahat, nakasulat daw iyon sa kanyang tadhana. Pero kahit saan hanapin ni Derick, wala siyang makitang nakasulat na magsundalo siya.

Gusto lang niyang mag-business tulad ng kanyang Uncle Romy na may-ari ng isang tanyag na kompanya sa States. Ang gusto lang naman niya ay yumaman. Ngunit dahil pawang magagaling sa psychological warfare ang kanyang ama at mga kuya, nakita na lamang niya ang sariling nakasakay na sa bus paakyat ng Baguio at papasok na ng *PMA* para maging plebo.

Pagkatapos ng isang taon sa impiyerno, himalang natutunan niyang mag-enjoy sa akademya hanggang sa ganap na niyang niyakap ang buhay ng isang kadete. Itinuloy na rin niya. Tutal, naroon na siya.

Nagtapos siyang isa sa top ten ng kanyang batch at na-assign sa *Intelligence Service Armed Forces of the Philippines* o *ISAFP* - na binabanggit ng mga sundalo bilang '*eesafp*'. Noong una ay nasa opisina lamang si Derick at okay siya roon hanggang sa sabihin sa kanya ng kanyang CO na kailangan niyang mag-undercover.

Malamang katawa-tawa ang kanyang hitsura nang una siyang mapadpad sa Mindanao para magmanman sa kuta ng

mga rebelde roon. Ang bunsong hindi nagalusan at napadapuan ng kanyang ina sa lamok ay kailangang mamuhay sa kampo na walang matinong bahay at walang matinong toilet.

Pinagtiisan niya iyon at sinubukang gawin ang lahat ng kanyang makakaya para malampasan ang sa isip niya, ay isang challenge. Positibo pa rin ang outlook niya. Kaya niya iyon. Ngunit hindi alam ni Derick kung may balat ba siya sa puwet na hindi niya alam na naroon o sadyang malas lang talaga siya dahil sa sunud-sunod na pagsubok na pinapadala ni Lord.

Ngayon nga, nakatayo siya sa gitna ng isang tagong kampo ng mga kilalang rebelde sa Isabela, Cagayan at mahigpit ang pagkakakapit sa dalang rifle habang pinagmamasdan ang isang babaeng nakaluhod sa lupa at nakatali sa likuran ang dalawang kamay.

“Kumander Fred,” tawag ng isa sa mga ‘tauhan’. Hinawakan nito ang ponytail ng babae at hinila para mag-angat ito ng mukha. “Mukhang jackpot tayo dito, o.”

Gusto niyang ipukpok ang rifle niya sa ulo ng tarantado. Dahil anak ng pating, sa dami ng kikidnapin, si Camilla Herrera pa ang napili ng walanghiya!